# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO

## LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO

# KATITIKAN

**Ginanap sa Pamamagitan ng Videoconference**
***(May remote access sa pamamagitan ng teleconference)***
**www.sfgovtv.org**

### Nobyembre 1, 2021 - 6:00 PM

## Regular na Pagpupulong

**Mga Miyembro:** Matthew Castillon, Raynell Cooper, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, Lily Ho, Chasel Lee, Jeremy Lee, J. Michelle Pierce, Ditka Reiner, at kagalang-galang Arnold Townsend

*Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa isang regular na sesyon sa pamamagitan ng videoconference, at nagbigay ng komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Lunes, Nobyembre 1, 2021. Pinasimulan ng Kagalang-galang na Tagapangulo, Arnold Townsend, ang pagpupulong nang 6:11 p.m.*

1. **Atas ng Paninimula at Pagtawag sa mga Pangalan**

   *Nang tinawag ang listahan ng mga pangalan, sina Tagapangulong Townsend, Pangalawang Tagapangulong Reiner, at mga Miyembrong sina Castillon, Cooper, Hernández Gil, Ho, C. Lee, J. Lee, at Pierce ay naitalang dumalo.*

   *Nagkaroon ng korum.*

2. **Resolusyon at Pagpapasiya para Pahintulutan ang mga Pagpupulong sa Pamamagitan ng Teleconference sa Ilalim ng California Government Code, Seksyon 54953(e)**

   *Binasa sa rekord ni Tagapangulong Townsend ang mga pagpapasiya na kailangang maisagawa para mapanatili ang mga pagpupulong gamit ang pakikipag-teleconference sa ilalim ng Government Code, Section 54953(e).*

   *Nagsalita: David Pilpel; nagmungkahi ng mga klerikal na pagbabago hinggil sa iminungkahing Resolusyon.*

**Sinegundahan ni Miyembro J. Lee si Miyembro C. Lee sa paghain ng mosyon na PAGTIBAYIN ang Resolusyon. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

**Mga Bumoto ng Oo: 9**

**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**3. Pag-apruba ng Katitikan ng Espesyal na Pagpupulong na ginanap noong Oktubre 22, 2021**

*Tinanong ni Tagapangulong Townsend kung may pagbabago na nais ipatupad ang mga Miyembro hinggil sa Katitikan ng Oktubre 22, 2021 Espesyal na Pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito. Walang mga pagbabago.*

*Mga Nagsalita: Wala.*

**Sinegundahan ni Miyembro J. Lee si Miyembro C. Lee sa paghain ng mosyon na APROBAHAN ang Katitikan ng Oktubre 22, 2021 Espesyal na Pagpupulong. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

**Mga Bumoto ng Oo: 9**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**4. Heograpiya ng Senso – Tracts at Blocks sa Senso at mga Heograpikal na Yunit na Gagamitin sa Muling Pagdidistrito**

*Nagbigay ng presentasyon sina Karin Mac Donald at Jaime Clark (Mga Kasangguni para sa Muling Pagdidistrito, Q2 Data and Research) ukol sa software na gagamitin sa pagmamapa para sa proseso ng muling pagdidistrito at ang iba't iba nitong mga katangian na maaaring baguhin at manipulahin ayon sa pangangailangan.*

*Mga Nagsalita: RJ Sloan; David Elliott Lewis; Jen Tse ng Liga ng mga Botanteng Kababaihan ng San Francisco (League of Women Voters of San Francisco); David Pilpel; Marc Powell; Nagsalita; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

*Nang matapos ang talakayan, dineklara ni Tagapangulong Townsend na ang usapin ay napakinggan at naisumite.*

Hiniling ni Tagapangulong Townsend na dinggin nang sabay ang Usapin Blg. 5 at 6.

**5. Mga Pagbabago sa Iskedyul ng Regular na Pagpupulong**

*Nag-presenta si Alisa Somera, Katuwang ng Pambatasang Direktor (Opisina ng Klerk ng Lupon), ng kasalukuyang Iskedyul ng Regular na Pagpupulong at kalendaryo ng mga petsa na iminumungkahi sa Task Force na isama sa kanilang iskedyul.*

*Nag-presenta si Wilson Ng, Katuwang na Direktor ng mga Operasyon (Opisina ng Klerk ng Lupon), ng power point na may update sa mga kasalukuyang isinagawa na mga pag-paplano hinggil sa pagpupulong na off-Site at sa loob ng Distrito, kasama na ang update tungkol sa mga pasilidad na off-site, mga naka-ugnayang inaasahan na mga lugar, mga usapin na tatalakayin at mga susnod na hakbang.*

*Nag-presenta sina Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Opisina ng Klerk ng Lupon), at Andrew Shen, Katuwang na Abogado ng Lungsod (Opisina ng Abogado ng Lungsod), ng karagdagang impormasyon at sinagot ang mga tanong sa panahon ng talakayan.*

*Mga Nagsalita: David Pilpel; Rena; Lauren Girardin (Liga ng mga Botanteng Kababaihan ng San Francisco); David Elliott Lewis; Jen Tse (Liga ng mga Botanteng Kababaihan ng San Francisco); nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

*Nang matapos ang talakayan, dineklara ni Tagapangulong Townsend na ang usapin ay napakinggan at naisumite.*

*Sinegundahan ni Miyembro J. Lee si Miyembro Cooper sa paghain ng mosyon na matanggal ang Usapin Blg. 5 sa talakayan. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:*

*Mga Bumoto ng Oo: 9*
*Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner*

**Sinegundahan ni Miyembro Hernandez Gil si Miyembro Cooper sa paghain ng mosyon na idagdag ang Pangatlong Miyerkules ng bawat buwan, 6:00 p.m. sa Iskedyul ng Regular na Pagpupulong. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

**Mga Bumoto ng Oo: 8**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**
**Bumoto ng Hindi: 1**
**Pierce**

**6. Update ukol sa Pagpaplano para sa Pagpupulong na In-District at Off-Site**

*(Tinawag kasabay ng Usapin Blg. 5. Tingnan ang Usapin Blg. 5 sa itaas.)*

*Nang matapos ang talakayan, dineklara ni Tagapangulong Townsend na ang usapin ay napakinggan at naisumite.*

*Sinegundahan ni Pangalawang Tagapangulong Reiner si Miyembro C.Lee sa paghain ng mosyon na matanggal ang Usapin Blg. 6 sa talakayan. Bago ito pagbotohan, binawi ni Miyembro C.Lee ang paghain sa mosyon at binawi rin ni Pangalawang Tagapangulong Reiner ang kanyang pag-segunda.*

## ESPESYAL NA UTOS- 7:30 P.M.

**7. Presentasyon ng Iminumungkahing Plano sa Pag-abot sa Komunidad**

*Nag-presenta sina Lisbet Sunshine, Rosie Dilger, at Evelyn Torres (Civic Edge Consulting) ng power point ukol sa iminumungkahing Plano sa Pag-abot sa Komunidad, kasama na dito ang Project Team, paglapit, istratehiya sa pag-abot, mga materyales sa pakikipag-ugnay, at timeline o iskedyul ng pag-abot.*

*Nag-presenta si Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Opisina ng Klerk ng Lupon) ng karagdagang impormasyon at sinagot ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.*

*Mga Nagsalita: Nagsalita; David Pilpel; Lauren Girardin (Liga ng mga Botanteng Kababaihan ng San Francisco); nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

*Nang matapos ang talakayan, dineklara ni Tagapangulong Townsend na ang usapin ay napakinggan at naisumite.*

**8. Pangkalahatang Pagkomento ng Publiko**

*Mga Nagsalita: Wala.*

**9. Mga Susunod na Usapin sa Adyenda**

*Nagbigay si Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Opisina ng Klerk ng Lupon) ng karagdagang impormasyon at sinagot ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.*

*Tinalakay ng mga miyembro ang mga posibleng usapin sa mga susunod na adyenda:*

- *Ang timeline at kalendaryo ng mga gawain na kailangang matugunan*
- *Ang kahulugan ng "Communities of Interest" (Tinututukang mga Komunidad), at kung paano ang proseso sa pag-nonomina ng pangkalahatang publiko ng kanilang "Communities of Interest"*
- *Plano sa Pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito*
    - *Pinaagang mga oras ng Pagpupulong*

  - *Update ukol sa pagpaplano para sa mga Pagpupulong na In-District at Off-Site*
  - *Talakayan tungkol sa kada-buwang pagpupulong ng komunidad na sisimulan sa Enero 2022*
- *Q2 Mapping Tool*
- *Plano sa Pag-abot sa Komunidad*
- *Kasaysayan ng Muling Pagdidistrito na hatid ng Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs (Tanggapan para sa Sibikong Pakikipag-ugnay at Kapakanan ng mga Migrante)*
- *Badyet ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito*

*Nagsalita: Lauren Girardin (Liga ng mga Botanteng Kababaihan ng San Francisco); nagbigay ng mga mungkahi tungkol sa mga posibleng pag-usapan sa susunod na adyenda.*

**10. Pagtatapos**

*Nang dahil wala nang iba pang tatalakayin, tinapos ni Tagapangulong Townsend ang pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 10:35 p.m.*

*Pakitandaan. Inilahad ng Katitikan ng pagpupulong na ito ang lahat ng mga pagkilos na ginawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa mga usapin na nakasaad, ngunit hindi nakaayon sa pagkakasunud-sunod ng pagtalakay sa mga nasabing usapin.*

**INAPROBAHAN: Nobyembre 17, 2021**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**